# FORT BEND COUNTY

# TULO VI FORM PARA SA REKLAMO TUNGKOL SA DISKRIMINASYON

Ipadala Ang Kinumpletong Form Sa:
Civil Rights Officer, Risk Management
301 Jackson Street, Suite 224, Richmond, Texas 77469
TitleVI@fbctx.gov
Fax: 281.341.3751

| **SEKSYON 1: PAKIKIPAG-UGNAY SA NAGREREKLAMO/PERSONAL NA IMPORMASYON** | |
|---|---|
| 1. Pangalan *(apelyido, unang pangalan, gitnang pangalan)* | 2. Numero ng Telepono |
| 3. Address ng Tirahan *(kalye, lungsod, estado, zip code)* | 4. E-mail Address |
| 5. Mas Gugustuhing Paraan ng Pakikipag-ugnay | 6. Pinakakumbinyenteng Oras para Makausap Ka |
| **SEKSYON 2: IMPORMASYON TUNGKOL SA REKLAMO** | |
| 7. Lokasyon/Departamento kung saan naganap ang diumanong pagkilos/kaganapan. | 8. Petsa kung kailan naganap ang diumanong pagkilos/kaganapan. ______________________________*(mm-dd-yyyy)* |
| 9. Kung ang diumanong diskriminasyon ay higit 180 araw ng kalendaryo na, mangyaring magbigay ng dahilan. ______________________________ | |
| 10. Ikaw ay nagpaparatang ng diskriminasyon sa anong batayan? *(lagyan ng tsek ang lahat ng naaangkop.)*<br>☐ Lahi ☐ Kulay ☐ Bansang Pinagmulan ☐ Limitadong Katatasan sa Ingles (Limited English Proficiency) | |
| 11. Pakipaliwanag kung ano ang nangyari sa iyo ***(maaari kang gumamit ng karagdagang mga pahina kung kinakailangan).*** Maglakip ng anumang sumusuportang dokumento sa iyong reklamo. | |
| **SEKSYON 3: INDIBIDWAL NA KASANGKOT SA DIUMANONG NANDIDISKRIMINANG PAGKILOS** | |

## FORT BEND COUNTY

## TITULO VI FORM PARA SA REKLAMO TUNGKOL SA DISKRIMINASYON

| 12. Pangalan *(apelyido, unang pangalan, gitnang pangalan)* | 13. Numero ng Telepono |
|---|---|
| | |

**SEKSYON 4: PANGALAN NG MGA SAKSI NA MAAARI NAMING MATAWAGAN PARA SA IMPORMASYON NA MAGSUSUPORTA/MAGLILINAW SA IYONG REKLAMO**

| 14. Pangalan ng mga Saksi | 15. Numero ng Telepono ng mga Saksi |
|---|---|
| | |

**SEKSYON 5: INIHAING REKLAMO**

16. Naghain ka ba, o nagbabalak na maghain ng reklamo tungkol sa bagay na binanggit sa alinman sa mga sumusunod? Kung oo, ibigay ang mga petsa ng paghahain. *(lagyan ng tsek ang lahat ng naaangkop.)*

- ☐ U.S. Department of Transportation (DOT) *(mm-dd-yyyy)*
- ☐ Federal Highway Administration (FHWA) *(mm-dd-yyyy)*
- ☐ Federal Transit Administration (FTA) *(mm-dd-yyyy)*
- ☐ U.S. Department of Justice (DOJ) *(mm-dd-yyyy)*
- ☐ Iba pa: *(mm-dd-yyyy)*

17. Natalakay mo ba ang reklamo sa sinumang kinatawan ng Fort Bend County? Kung oo, ibigay ang pangalan, posisyon, at petsa ng talakayan.

18. Ipaliwanag nang maikli kung paano mo nais na maresolbahan ang reklamong ito? ***(maaari kang gumamit ng mga karagdagang pahina kung kinakailangan).***

☐ Sa paglalagay ng tsek sa kahong ito, pinapatunayan ko na ako ang indibidwal na nagsusumite ng dokumentong ito. Ang mga reklamong hindi nilagdaan ay **hindi** tatanggapin.

19. **Lagda *(Kinakailangan)***______________________________

*Petsa (mm-dd-yyyy)*

# Fort Bend County
# Titulo VI Form para sa Reklamo tungkol sa Diskriminasyon

**MGA TAGUBILIN**

**LAYUNIN**: Ang layunin ng form na ito ay upang tulungan kang maghain ng reklamo tungkol sa diskriminasyon. Hinihikayat ka, ngunit hindi inaatasan, na gamitin ang form na ito para ihain ang iyong reklamo. Kung pinili mong gumawa ng sulat, dapat itong maglaman ng lahat ng impormasyong hiniling sa form na ito at may lagda mo o ng iyong awtorisadong kinatawan.

Maaari mong ipadala ang iyong reklamo sa pamamagitan ng koreo, email, o fax sa 301 Jackson Street, Suite 224, Richmond, TX 77469, TitleVI@fbctx.gov o 281.341.3751. Dapat kang magsumite ng nilagdaang kopya ng iyong reklamo. Kung ipapadala mo ang iyong form sa pamamagitan ng email, tiyaking ilakip ang nilagdaang kopya. Maaaring makapagpaantala ng pagproseso ng iyong reklamo ang hindi kumpletong impormasyon o hindi nilagdaang form. Para sa tulong sa pagkumpleto ng form, maaari mong kontakin ang Civil Rights Officer (CRO) sa 281.238.3267.

**DEADLINE NG PAGHAHAIN:** Dapat maihain ang isang reklamo sa loob ng 180 araw ng kalendaryo mula sa petsa ng diumanong pagkilos na nandidiskrimina. Ituturing na naihain sa petsa ng postmark ang mga reklamo na ipinadala sa pamamagitan ng koreo. Ituturing na naihain ang mga reklamong ipinadala sa email sa petsa na natanggap ang reklamo at kinumpirma ng CRO. Kung hindi naihain sa oras ang reklamo, dapat isaad ng nagrereklamo ang isang pagpapaliwanag ng "mabuting dahilan" para sa pagkaantala at humiling ng pagpapaliban ng rekisitong ito sa paghahain. Maaaring kabilang sa mga halimbawa ng "mabuting dahilan" ang:

1. Hindi ka makatuwirang inaasahang malaman ang tungkol sa pagkilos na nandidiskrimina sa loob ng 180 araw na palugit; o
2. Ikaw ay nagkasakit nang malubha o walang kakayahan.

Susuriin ng CRO ang reklamo at aalamin kung naglalaman ng sapat na impormasyon ang reklamo tungkol sa diumanong pagdidiskrimina upang magpatuloy. Kung kailangan ng CRO ng higit na impormasyon upang linawin ang reklamo, maaari siyang makipag-ugnay sa nagrereklamo. Kung nabigong magbigay ang nagrereklamo ng hiniling na impormasyon nang nasa oras, maaaring isara na pang-administratibo ng County ang reklamo.

**PATAKARAN**: Naninindigan ang Fort Bend County sa pagtitiyak na walang tao, sa batayan ng lahi, kulay, bansang pinagmulan (kabilang ang limitadong katatasan sa wikang Ingles) ang hindi isasama sa pakikilahok sa, tatanggihan ng mga benepisyo, o ipapailalim sa diskriminasyon o pagganti sa anumang programa o aktibidad na tumatanggap ng pinansyal na tulong mula sa pederal na pinapangasiwaan ng Fort Bend County, ng mga subrecipient nito at/o mga kontratista nito.

**PAHAYAG SA BATAS SA PAGKAPRIBADO *( 5 U.S.C. § 552a)***

**MGA AWTORIDAD**: Inaawtorisahan ang pagkolekta ng impormasyong ito ng Titulo VI ng Batas sa Karapatang Sibil ng 1964 (42 U.S.C. § 2000d).

**LAYUNIN**: Ang impormasyong hinihingi sa form na ito ay ginagamit sa pagproseso ng mga reklamo tungkol sa diskriminasyon sa ilalim ng mga kautusan na nakalista sa seksyon na "Mga Awtoridad" ng abisong ito.

**PAGSISIWALAT**:Boluntaryo ang pagbibigay ng impormasyong ito. Ang pagkabigong makumpleto ang form na ito ay maaaring magdulot ng pagkaantala sa pagproseso ng reklamo, o pagtanggi sa reklamo dahil sa hindi sapat na batayan para ipagpatuloy ang pagproseso. Aabisuhan ka kung pinawalang-saysay ang iyong reklamo.

Maaaring isiwalat sa mga panlabas na partido ang impormasyon na ibinigay mo sa reklamong ito kung natukoy ng County na ang pagsisiwalat ay: 1) may kaugnayan at kinakailangan; 2) kinakailangan para sa mga patakaran sa pagpapatupad laban sa isang programa na sa tingin ng County ay lumabag sa mga batas o regulasyon; 3) bilang tugon sa isang tanggapan ng Kongreso kung hiniling mo na magtanong ang tanggapan ng Kongreso tungkol sa iyong reklamo o; 4) sa United States Civil Rights Commission bilang tugon sa kahilingan nito para sa impormasyon.

Para sa higit na impormasyon o tulong, maaari kang makipag-ugnay sa Opisyal ng Fort Bend County para sa Karapatang Sibil:

Civil Rights Officer, Risk Management
301 Jackson Street, Suite 224
Richmond, Texas 77469
281.238.3267
TitleVI@fbctx.gov
Fax: 281.341.3751